Feast of the Immaculate Conception, December 08

Una. Ang Katapatan ng Diyos

Siya ay totoo. Nangako ang Diyos. At ang Kanyang pangako ay Kanyang tinupad. Hindi po nakakalimot ang Diyos. Hindi po nang-iiwan ang Diyos. Hindi po Siya nagpapabaya. Ang Diyos po natin ay *forever*.

Ang pangako ng Diyos ay atin matutunghayan sa Aklat ng Genesis kabanata tatlo, talata labinlima. Nasasaad dito na "*matapos tuksuhin ng ahas si Eba at magkasala sila, sinabi ng Diyos pagkakagalitan ko kayo, ikaw at ang babae, ang iyong supling at ang kanyang supling, dudurugin nito ang ulo mo, at tutuklawin mo ang kanyang sakong*."

Mga minamahal kong kapatid kay Kristo, saan natin ito makikita? Ano pong imahen ang una natin maaalala? Hindi po ba ang Mahal na Birheng Maria bilang Immaculada Conception. Pinaglihi ni Santa Ana ang Birheng Maria upang maganap ang dakilang kalooban ng Diyos. Pinaglihi ang Birheng Maria upang matupad ang pangako ng Diyos na ililigtas Niya ang sangkatauhan.

Mga kapatid, mahal tayo ng Diyos. Mahalaga po tayo sa Diyos. At dahil dito naging matapat ang Diyos sa atin. Totoo po yun sinasabi ng mga Iola, "*walang susuko sa tapat na pangako*." At sa tamang panahon ay natupad. Naganap ang pangako ng Diyos.

Sa kabila ng ating pagtalikod o pagkawala, naroroon pa rin ang Diyos na naghihintay sa ating pagbabalik. Tayo ay Kanyang tatanggapin at patatawarin. Tayo ay Kanyang aakayin at muling pagtitiwalaan. Tapat po ang Diyos sa Kanyang pangako. At kailan man hindi Niya tayo iiwan. Kalian man hindi Niya tayo pababayaan. Ang paglilihi, Disyembre 8 sa ating Mahal na Birhen Maria at sa Kanyang pagsilang sa Setyembre 8, ay katuparan ng pangako ng Diyos ng pagliligtas sa daigdig.

Ikalawa, kailangan po tayo ng Diyos.

Kailangan ng Diyos ang katuwang sa Kanyang gawain. Kailangan ng Diyos ang katulong: At tayo po ay Kanyang inaasahan. Mayroon po tayong magagawa. Mayroon po tayong maibibigay. Sa pagliligtas ng Diyos, kailangan Niya ang atin pagtugon. Sa paghahandog ng Diyos ng kaligtasan sa tao kailangan din Niya ng ating pagsang-ayon.

Hindi po namimilit ang Diyos. Hindi po Siya nanakot. Ang kapistahan ng Immaculada Conception ay nagpapahayag na matutupad na ang pagliligtas ng Diyos. At ang Panginoong Diyos ay nangangailangan ng kasangkapan upang ito ay maganap.

Mangyari pa ang kapistahan ng Immaculada Conception ay paghahanda ng Diyos sa Kanyang hihirangin at pipiliin na katuwang o kasangkapan sa magaganap na pagliligas sa tao. Ang Birhen Maria ay ihinanda at itinakda noon pa man na maging karapat-dapat na magdala sa kanyang sinapupunan at maging ina ng Tagapagligtas na isisilang, na walang iba kundi si Jesus. Ang lahat ng ito ay binalak ng Diyos. Ang lahat ng ito ay naaayon sa Kanyang kalooban. At ang lahat ay inayos ng Diyos para sa Kanyang dakilang layunin para sa atin kaligtasan.

Ang paglilihi sa Mahal na Birheng Maria ay patunay na sa simula't sapul ay nasa kalooban at pamamaraan na siya sa mga balakin ng Diyos Ama. Iniisip na siya ng Diyos. Kaisa na siya ng Diyos. Inihanda na siya ng Diyos. At sa sinapupunan ni Santa Ana ay iniligtas na siya sa kasalanan mana.

Ginawa siyang malinis, walang bahid dungis, walang mantsa ng pagsuway at pagkakasala. Naging karapat dapat na maging ina ng Diyos Anak.

Kaya naman ang pagbati ng Arkanghel Gabriel sa ating Mahal na Birheng Maria ay "*matuwa ka, o puspos ng grasya, sumasaiyo ang Panginoon*" (Lukas 1,28).

Panghuli. Kasama natin ang Diyos

Tayo ay para sa Diyos. Itinalaga tayo sa Diyos. At para sa Diyos lamang. Tayo ay kaisa ng Diyos. Ang Diyos ay sumasaatin. Ang nagmamay-ari sa atin ay ang Panginoong Diyos. Mangyari pa sikapin natin na kailaman hindi tayo mapapawalay sa Kanya. Hindi tayo tatalikod sa Kanya. Hindi tayo mapahihiwalay sa Diyos.

Ipangako ninyo na ang sinumpaan natin ay hindi mababahiran ng pagsuway at pagtataksil. Palaging pakatatandaan na sa anuman na inyong iisipin at sasabihin ay isama ninyo ang Panginoong Diyos. Sa inyong pagkilos at pagsasagawa ay kasama ninyo ang Panginoong Diyos. Nakikita ng Diyos. At Siya rin ay inyong kapiling.

Totoo po na pagkatapos na ang Mahal na Birheng Maria ay ipaglihi at isinilang ni Santa Ana ang kanyang buhay ay nakatalaga para sa Diyos at sa pagsunod sa kautusan ng Batas. Totoo na nang siya ay hinirang maging ina ni Jesus ang kanyang buhay ay hindi para sa kanya at larawan ng pagpapakasakit. Totoo na nang isinilang niya si Jesus at bilang ina ni Jesus ang Mahal na Birheng Maria ay tumanggap din ng krus at nagpasan nito.

Subalit patuloy niyang tinanggap ang lahat ng ito, sumama at namuhay na ayon sa kalooban ng Diyos, kasama at kapiling si Jesus.

Ngayon mga minamahal kong mga kapatid, hindi lahat ay papuri at palakpakan. Hindi lahat ay pagpapasalamat at pagdiriwang. Totoo na sa mga susunod na mga araw o buwan tulad ng ating Mahal na Birheng Maria ay naroroon na ang inyong pagpapakasakit at pagpasan ng krus. Sa darating na mga taon o sa takdang panahon kayo rin ay mapapako sa krus. Datapuwa't kapag dumating na ang mga pagsubok at pagpasok sa inyong Biyernes Santo ng buhay tandaan ninyo na kaisa ninyo at ang Diyos ay inyong kasama.

Kayo ay sinasamahan ni Jesus. Si Jesus ay sumasainyo. At kayo ay Kanyang itatayo at aalalayan. Kapag kayo ay nahihirapan at nabibigatan, kapag ang kalis ay pumapait tandaan ninyong mabuti na tapat ang Diyos, kailangan Niya kayo at Siya ay palagi ninyong kasama. Ito rin ang mensahe ng dakilang kapistahan ngayon:

Katapatan ng Diyos
Kailangan tayo ng Diyos
Kasama natin Siya

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP Episcopal Chairman
for the Pastoral Care of Migrants and Itinerant People